

Quia per incarnáti Verbi mystérium nova mentis nostræ óculis lux tuæ claritátis infúlsit: ut, dum visibíliter Deum cognóscimus, per hunc in invisibílium amorem rapiámur.

Et ideo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominatió nibus cumque omni militía coeléstis exércitus hymnum glóriæ tuæ cánimus, sine fine dicétes. — Sanctus, Sanctus, Sanctus...

Sapagkat sa hiwaga ng pagkakatawang-tao ng Salita, tumanglaw sa aming isipan ang liwanag ng iyong kaluwalhatian. Samantalang siya'y kinikilala naming Dios na nakikita, kami'y sana'y masintahing akayin niya sa mga bagay na di-nakikita.

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Dios ng mga hukbo...**

#### ANG COMMUNICANTES SA MISA

SA AMING PAKIKIISA sa masayang pagdiriwang ng kabanal-banalang *gabi* nang isilang ng walang dungis sa pagkabirhen ni Santa Mariang pinagpala ang isang Manunubos sa daigdig na ito: at gayundin sa magalang na paggunita sa Mahal na Birheng Maria...\*

#### ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 103:9

IN splendóribus Sanctórum, ex útero ante lucíferum génui te.

SA banal na kariktan, bago pa sumilay ang umaga, inianak na kita.

#### PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

DA NOBIS, quæsumus, Dómine, Deus noster: ut, qui Nativitátem Dómini nostri Iesu Christi mystériis nos frequentáre gaudémus; dignis conversatió nibus ad eius mereámur pervenire consórtium: Qui tecum vivit.

IPAGKALOOB Mo sa amin, Panginoon naming Dios, na kaming masaya na ipinagdiriwang ang Pagsilang ng aming Panginoong Hesukristo sa banal na sakramentong ito, ay marapat na makasama Siya pakundangan sa matuwid naming pamumuhay. Siyang nabubuhay at naghahari...

**Hermanidad de la Sagrada Eucaristia**  
**Latin Mass Society of Cavite**  
*Comision sa Pagsasalin*



## PASKO NG PAGSILANG NG PANGINOON

### Unang Misa: Misa sa Gabi

*Misa "Dominus dixit"*  
I cl. • Doble I cl. • Puti

#### PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 2:7

DOMINUS dixit ad me: Filius meus es tu, ego hódie génui te. — *Ps 2:1* Quare fremuérunt gentes: et pópuli meditáti sunt inánia? *V.* Gloria Patri. Dominus.

SINABI ng Poon sa akin: Ikaw ay ang aking Anak; nagmula ka sa akin sa araw na ito. — *Salmo 2:1* Bakit nagkakagulo ang mga bansa, at nagbabalak ng walang kabuluhan ang mga tao? *V.* Luwalhati sa Ama. — Sinabi ng Poon...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Dios)

#### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui hanc sacratíssimam noctem veri lúminis fecísti illustratióne claréscere: da, quæsumus; ut, cuius lucis mystéria in terra cognóvimus, eius quoque gáudiis in coelo perfruámur: Qui tecum vivit.

O DIOS, tinanglawan Mo ang kabanal-banalang gabing ito sa ningning ng tunay na Liwanag: isinasamo namin na iyong ipagkaloob, na kaming nakakilala sa mga misteryo ng liwanag ng Iyong Anak dito sa lupa ay magkamit naman ng Kaniyang kaligayahan sa langit. Siyang nabubuhay at naghahari...

SULAT • Tit 2:11-15

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo kay Tito.

**PINAKAMAMAHAL:** Nahayag na ang kagandahang-loob ng Dios na nagdudulot ng kaligtasan sa lahat ng tao. Ito ang nagtuturo sa atin na talikuran ang makamundong pamumuhay at damdaming makalaman, at mamuhay tayo sa daigdig na ito nang may pagpipigil sa sarili, matuwid at karapat-dapat sa Dios habang hinihintay natin ang pinagpalang araw na ating inaasahan: ang araw na mahahayag ang kaluwalhatian ng ating dakilang Dios at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo, na naghandog ng kanyang sarili upang palayain tayo sa lahat ng kasamaan at linisin tayo upang maging kanyang sariling bayan na masigasig sa paggawa ng mabuti. Ipahayag niyo ang lahat ng ito, at gamitin niyo ang inyong buong kapangyarihan sa pagpapalakas ng loob at pagsaway sa iyong mga tagapakinig, sa ngalan ni Kristo. — *R. Salamat sa Dios.*

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 103:9, 1; Ps 2:7

TECUM princípium in die virtútis tuæ: in splendóribus Sanctórum, ex útero ante lucíferum génuí te.  
*V.* Dixit Dóminus Dómino meo: Sede a dextris meis: donec ponam inimícos tuos, scabéllum pedum tuórum.

**SA IYO** ang maka-prinsipeng kapangyarihan sa araw ng Iyong pagsilang, sa banal na kariktan; bago pa sumilay ang tala sa umaga, inianak na kita.  
*V.* Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon: “Maupo ka sa aking kanang kamay; at dudurugin ko ang iyong mga kaaway sa iyong paanan.”

**Allelúia, allelúia.** *V.* Dóminus dixit ad me: Fílius meus es tu, ego hódie génuí te. **Alleluia.**

**Aleluya, aleluya!** *V.* Sinabi ng Panginoon sa akin: Ikaw ay ang aking Anak; nagmula ka sa akin sa araw na ito. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Lc 2:1-14

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

**NOONG PANAHONG IYON:** Iniutos ni Emperador Augusto na magpatala ang lahat ng tao sa buong nasasakupan ng Imperyo ng Roma. Ang unang pagpatala na ito ay ginawa noong si Cirenio ang gobernador ng Siria. Kaya't umuwi ang mga tao sa sarili nilang bayan upang magpatala. Mula sa Nazaret, isang lungsod sa Galilea, si Jose ay pumunta sa Judea, sa Bethlehem na bayang sinilangan ni Haring David, sapagkat siya'y mula sa angkan ni David. Kasama rin niyang umuwi upang magpatala si Maria na kanyang magiging asawa, na noon ay nagdadalang-tao.

Habang sila'y nasa Bethlehem, sumapit ang oras ng panganganak ni Maria. Isinilang niya ang kanyang panganay na lalaki. Binalot niya sa lampin ang sanggol at inihiga sa isang sabsaban, sapagkat wala nang lugar para sa kanila sa bahay-panuluyan. Doon ay may mga pastol na nasa parang at nagbabantay ng kanilang mga tupa nang gabing iyon: at tumayo sa harapan nila ang isang anghel ng Panginoon at nagliwanag sa kapaligiran nila ang kaluwalhatian ng Panginoon. Ganoon na lamang ang kanilang takot. Ngunit sinabi sa kanila ng anghel, “Huwag kayong matakot! May magandang balita ako para sa inyo na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Isinilang sa inyo ngayon sa bayan ni David ang Tagapagligtas, ang Cristong Panginoon. Ito ang palatandaan: matatagpuan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin at nakahiga sa isang sabsaban.” Biglang lumitaw kasama ng anghel ang isang malaking hukbo ng mga anghel sa kalangitan. Sila'y nagpupuri sa Dios at umaawit, “*Luwalhati sa Dios sa kaitaasan, at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.*” — *R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.*

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 23:7

LAETENTUR coeli et exsúltet terra ante fáciem Dómini: quóniam venit.

**MAGALAK** ang langit at magdiwang ang buong lupa sa harap ng Panginoon na siyang dumarating.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

ACCEPTA tibi sit, Dómine, quæsumus, hodiérnæ festivitátis oblátio: ut, tua gratia largiénte, per hæc sacrosáncta commércia, in illíus inveniámur forma, in quo tecum est nostra substántia: Qui tecum vivit.

**MAGING KALUGOD-LUGOD** nawa ang mga haing ito, Panginoon, na inihahandog sa kapistahang ito: upang sa bisa ng iyong grasya pakundangan sa kabanal-banalang pagpapalitan na ito, nawa'y matulad kami sa Kaniya, yamang inako ang aming abang pagkatao: Siyang nabubuhay at naghahari...

PREPASYO SA PASKO NG PAGSILANG

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens, ætérne Deus:

**TUNAY NGANG MARAPAT** at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali, na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Panginoong banal, Amang makapangyarihan, at walang hanggang Dios.